# Balitang Manmin

BILANG 59 ABRIL 1, 2012


# Ipinagdiwang ng Nissi Orchestra ang Kanilang Ika-20 Anibersaryo sa Pamamagitan ng Espesyal na Pagtugtog ng Awiting 'Arirang'



"Nakilala namin ang Panginoon sa Arirang Pass." Ang Nissi Orchestra ang pinakaunang grupo na nagpapakadalubhasa sa mga tugtuging papuri sa Korea. Sa pagdiriwang ng kanilang ika-20 anibersaryo noong Marso 4, tinugtog nila ang himnong "Arirang," na kasama sa mga awiting papuri ng mga Amerikano. Ang Nissi Orchestra ay binuo noong Marso 1, 1992 sa pamumuno ni Elder Gwanhyung Cho. Malaki ang bahagi ng grupo sa pangangaral ng ebanghelyo at sa pagsulong ng kulturang Cristiano. Tumutugtog sila sa mga mahahalagang okasyon ng mga Cristianong iglesya sa Korea at mga konsiyertong pangkawanggawa. Mula sa mga miyembro, may mga naging magagaling na pastor, konduktor sa musika, at mga lingkod ng iglesya.

### Sa 'Pulong at Exposition (Pagpapahayag) ng NRB sa Taong 2012'

## Natupad ang Pandaigdigang Pagsasahimpapawid ng GCN

Noong Pebrero 18-21, nakibahagi ang GCN TV na pinamumunuan ni Dr. Jaerock Lee, sa Pulong at Exposition ng National Religious Broadcasters (NRB) sa taong 2012. Idinaos ito sa Gaylord Opryland Hotel Convention Center, sa Nashville, Tennessee. Sari-sari na ang naipalabas nila tungkol sa ebanghelyo at kapangyarihan ng Diyos na ginamitan ng teknolohiyang HD at 3D.

Ang NRB ay samahan ng mga Cristianong nagbabahagi ng ebanghelyo sa pamamagitan ng brodkast. Mayroon itong humigit-kumulang isang libo at pitong daang miyembrong organisasyon. Taon-taon, ibinabahagi nila ang mga teknolohiya at mga programa nila sa pagsasahimpapawid sa pulong at exposition.

Sa taong ito, humigit-kumulang anim na libong mga Cristianong brodkaster at dalawandaang grupo ng mga mamamahayag na Cristiano ang sumali. Napakaganda ng puwesto ng GCN at nakatawag ng pansin ng mga bisita ang anunsyo nila. GCN Broadcasting Co., Ltd. na ang ang dating GCN.

Habang ibinabahagi ng iba ang mga programa nila, ipinalabas din ng GCN Broadcasting ang 'Word of Life' (Salita ng Buhay) ni Dr. Jaerock Lee na gumamit ng teknolohiyang HD. Nagustuhan ito ng mga bisita. Namangha din sila sa iba pang mga palabas ng Manmin.

Ipinalabas ng GCN TV ang 3D video na 'The Castle of the Shepherd' (Ang Kastilyo ng Pastol) na naglalarawan sa kagandahan ng Langit. Napanood ng mga bisita ang makabagong teknolohiyang ginamit sa mga palabas na maaaring ilaban sa teknolohiyang ginagamit ng iba. Dahil dito, umangat ang puwesto ng pang-Cristianong pagbobrodkast.

Sinabi ni Dr. Frank Wright, Pangulo ng NRB, "Siyempre, mahalaga ang makasabay sa uso, lalo na sa paggamit ng napakahusay at bagong teknolohiya. Subalit dapat na nangingibabaw ang nilalaman ng mga palabas-ang mensahe ng ebanghelyo. Mayroon nito ang GCN Broadcasting."

Ang Truli Media Group ay may pinakamalaking koleksyon ng aliwang pang-Cristiano, mga kaalamang espirituwal at pang-edukasyon. Iba-iba ang plataporma nito kasama na ang Social Network Service at e-commerce. Nais makipagtulungan ng pangulo nitong si Michael Solomon sa GCN TV, sinabi niya, "Gusto kong mapanood ng mga tao sa buong mundo ang mga sermon ni Dr. Lee at ang iba pang mga programa ng GCN."

Nakipagkasunduan din ang GCN TV sa labinlimang organisasyon ng brodkasting para sa mga Cristiano at anim pang ibang grupo kasama ang Life Zone TV, sa Estados Unidos at SCT International, sa Brazil. Ito ay may kinalaman sa pakikipagtulungan at pagpapaunlad ng negosyo.

Sinabi ng isang empleyado ng GCN TV, "Nakikita ko ang aktibong pagtutulungan dito na makakapagpalakas sa pagsasahimpapawid ng GCN TV sa buong mundo. Pagsasama-samahin namin ang mga Cristianong brodkaster mula sa buong mundo, magtatayo kami ng mga pasilidad at magtatatag ng mga pamamaraan para mapanood ng mga tao ang mga programa kahit saang bahagi ng mundo. Gagamit din kami ng iba't ibang wika at network para maikalat ito sa buong mundo."



Nai-brodkast na ng GCN TV ang Word of Life, ang mga makapangyarihang pagkilos ng Diyos, at ang mataas na klaseng kulturang pang-Cristiano sa 170 na bansa. ■ Litrato 1: Ang puwesto ng GCN Broadcasting sa 2012 Pulong at Exposition ng NRB ■ Litrato 2: Mga lider ng NRB habang nanunuod ng 3D video ■ Litrato 3: Ang 2012 Pulong at Exposition ng NRB

# Ang Antas ng Kabutihan (1)

"Huwag ninyong tularan ang sanlibutang ito; kundi magbago kayo sa pamamagitan ng pagbabago ninyo ng inyong pag-iisip, upang mapatunayan ninyo kung alin ang mabuti, kasiya-siya, at lubos na kalooban ng Diyos." (Mga Taga-Roma 12:2)

Iniisip ng karamihan sa mga tao na dapat lang gantihan ang mga nagpapahirap, mga naninira at nananakit sa kanila. Subalit sinabi sa atin ng Diyos na masama ang gumanti at mabuti ang magpatawad at magmahal kahit sa mga kaaway natin. Kung ibabatay natin sa Salita ng Diyos na nagsasabi sa atin na mahalin ang ating mga kaaway, marami tayong makikitang situwasyong masama at mali kahit sinasabi o ipinapalagay na 'mabuti' ang mga ito ng mga tao.

Kapag narating natin ang kabutihang kinalulugdan ng Diyos, tatanggapin natin ang kamangha-manghang pag-ibig at mga biyaya mula sa Kanya. Lahat ng mga pagsubok at pag-uusig ay mawawala sa atin at sasagutin ang mga kahilingan natin. Ano ang 'kabutihan'? Ano ang dapat nating gawin para maabot ang antas ng kabutihan na gusto ng Diyos?



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

### 1. Ano ang Kabutihan?

Makikita natin kung gaano na kasama ang mundo kapag nanunuod tayo ng balita sa TV. Kaya sinabi ng Diyos sa Mga Taga-Roma 12:2, "Huwag ninyong tularan ang sanlibutang ito; kundi magbago kayo sa pamamagitan ng pagbabago ninyo ng inyong pag-iisip, upang mapatunayan ninyo kung alin ang mabuti, kasiya-siya, at lubos na kalooban ng Diyos." Alamin natin ngayon kung ano ang kabutihan para maisagawa natin ito gaya ng pag alam natin kung ano ang batas para makasunod tayo dito.

Sa Lucas 18:18, tinawag si Jesus ng isang lalaki na "Mabuting guro!" Pagkatapos, sa talata 19, sumagot si Jesus, "Bakit mo Ako tinatawag na mabuti? Walang mabuti kundi ang Diyos lamang." Sinabi Niya ito dahil gusto Niyang makita ng mga tao na ang Diyos lang ang tunay na mabuti, at ang Biblia na Salita Niya, ang pamantayan ng kabutihan. Samakatwid, ang kabutihan ay saloobin at kalooban ng Diyos.

Akala ng mga tao na ang kabutihan ay 'ang pagiging mabuti' o 'mainam na pagkatao o ugali'. Kinikilala nila ang pagiging mabuti o masama ayon sa sarili nilang pamantayan o konsiyensya. Subalit iba-iba ang antas ng kaalaman nila, at iba-iba ang ugali at pinanggalingan nilang pamilya. Iba-iba din ang mga gurong nagturo sa kanila. Lahat ng mga ito ay dahilan kaya iba-iba ang bawat tao. Ang konsiyensya ay pinaghalong katotohanan at kasinungalingan. Ito ay bumubuo ng sariling pamantayan kung ano ang mabuti o masama. Kaya hindi maaaring sabihing ganap na pamantayan ng kabutihan ang konsiyensya ng tao.

Ipagpalagay nating isinusumpa at sinasaktan ka ng isang tao, pero hindi mo siya ginagantihan. Tinitiis mo na lang. Maaaring isipin ng iba na mabait ka. Subalit ang kabutihang kinikilala ng Diyos ay ang hindi pagganti ng masama at hindi pagtatanim ng sama ng loob. Higit pa riyan, gusto Niyang bagbagin natin ang puso ng taong gumagawa ng masama sa atin pati rin ang pag-alay ng buhay natin para sa kanila. Ito ang pinakamataas na antas ng kabutihan.

### 2. Ang Unang Antas ng Kabutihan: Huwag Gantihan ang Kasamaan, Magtimpi ng Sama ng Loob

Ang unang antas ng kabutihan ay hindi pagganti sa kasamaan kahit sumasama ang loob ninyo kapag may gumagawa ng masama sa inyo.

Ipagpalagay nating minumura ng isang tao ang kapwa subalit hindi ito gumaganti, tinitiis lang niya. Nagtitimpi na lang siya dahil batid niya ang Salita ng Diyos o para ipakita na maayos ang pagpapalaki sa kanya.

Parang napakabait at kalmado niya kung titingnan sa panlabas. Dahil hindi siya gumaganti at nagtitiis na lang, sinasabi ng mga tao, "Mabait siya talaga." Subalit ang ganitong klaseng tao ay hindi tunay na mabuti sa paningin ng Diyos dahil hindi Siya tumitingin sa panlabas kundi sa puso. Ang taong ito ay mayroon pa ring kasamaan sa puso niya kahit hindi siya gumaganti sa masama. Mas mabuti ito kaysa lumaban, subalit masama pa rin ito sa paningin ng Diyos kung iipunin lang ang sama ng loob sa puso mo. Hindi ito maaaring ibilang sa antas ng kabutihan na kinikilala ng Diyos.

Sa kasalukuyan, may mga mananampalatayang gumagawa ng masama dahil hindi nila alam kung gaano kabuti ng Diyos. Kung gusto nilang maging mabuting tao, dapat silang mamuhay ayon sa Salita ng Diyos.

Sinasabi sa Kawikaan 8:13, "Ang takot sa PANGINOON ay pagkamuhi sa kasamaan. Ang kapalaluhan, kahambugan, landas ng kasamaan, at ang masamang pananalita ay Aking kinasusuklaman." Kaya, kung totoong naniniwala ka sa Diyos, matatakot ka sa Kanya, mapopoot ka sa kasamaan, at susunod ka sa kabutihan.

### 3. Ang Pangalawang Antas ng Kabutihan: Hindi Magkaroon ng Kahit na Anong Paghihirap ng Kalooban

Sa pangalawang antas ng kabutihan, hindi ka magkakaroon ng kahit na anong paghihirap ng kalooban o sama ng loob, ni hindi ka gaganti ng kasamaan sa masamang ginawa sa iyo. Hindi ka magagalit o magtatanim ng kahit na anong sama ng loob laban sa ibang tao. Dapat walang anumang kasamaan sa puso mo. Maaari itong tawaging espirituwal na puso. Ito ang pinakamababang antas ng kabutihan na kinikilala ng Diyos.

Kapag nagdudusa tayo sa isang masamang bagay na ginawa sa atin, maaaring pansamantala tayong magkaroon ng sama ng loob o maguluhan ang puso natin, kahit hindi tayo gumaganti. Sa mga pagkakataong ganoon, kung iisipin at uunawain nating mabuti, mawawala kahit na anong sama ng loob natin.

Makikita natin ito kay Jose, ang asawa ni Birheng Maria. Kung ordinaryong lalaki siya na natuklasang buntis ang babaing mapapangasawa niya nang hindi pa man lang sila nagsisiping, ano sa palagay mo ang gagawin niya? Tiyak hahatulan niya si Maria at iisiping niloko siya nito. Baka subukin pa niyang ipataw kay Maria ang batas na batuhin hanggang sa mamatay. Subalit si Jose ay matuwid na tao, ayaw niyang ilantad sa publiko si Maria, kaya itatago niya ito. Kaya naipagtapat ng Diyos kay Jose, na isang napakabuting tao, na ang sanggol na ipinaglilihi ni Maria ay si Jesus, na magiging Tagapagligtas.

Sinasabi sa 1 Juan 5:18, "Alam natin na ang sinumang ipinanganak ng Diyos ay hindi patuloy na nagkakasala; Subalit ang ipinanganak ng Diyos ay nag-iingat sa kanyang sarili, at hindi siya ginagalaw ng masama." Kung matutupad mo kahit ang pinakamababang antas ng kabutihan o ang pangalawang antas ng kabutihan na kinikilala ng Diyos, hindi ka maaakusahan ng kaaway na diyablo at Satanas at hindi ka dadanas ng mga pagsubok at paghihirap.

Kung susunod tayo sa kaaway na diyablo at Satanas at mag-iisip, magsasalita, at kikilos ng masama, hindi tayo iingatan o bibiyayaan kahit matagal na tayong Cristiano. Subalit kung matutupad mo ang pinakamababang antas ng kabutihan na kinikilala ng Diyos, maitataboy ng liwanag mo ang kadiliman.

Nais kong suriin mo kung ang puso mo ay tunay na mabuti o hindi. Ipagpalagay nating namamahala ka sa isang proyekto. Nagkamali ang trabahador mo at nasira ang proyekto. Dahil dito, marami sa inyo ang magsisisi sa harapan ng Diyos at sasabihin: "Kasalanan ko ito, hindi ko binantayang mabuti ang proyekto." Pero sa kaibuturan ng puso mo, hindi ba gusto mo pa ring sisihin ang trabahador mo at pagsabihan siya dahil sa pagdurusang haharapin mo?

Sa ganitong pangyayari, aakuin ng mabuting tao ang responsibilidad. Ipapaalam niya sa mga kasama sa trabaho kung ano ang maling nangyari, pero palalakasin pa rin niya ang loob nila at sisikaping lutasin ang problema. Dahil sa kabutihan niya, mababagbag ang damdamin ng mga katrabaho at magkakaisa sila.

May isa pang bagay na dapat mong suriin. Pag nakita mong may ibang pinapagalitan. Natutuwa ka ba dahil hindi ka nadamay dito? O, kakampihan mo ba ang nagpapangaral dahil sa tingin mo tama siya at dapat lang pagalitan iyong isa? Ang mabuting tao ay mag-iisip ng ganito, "Hindi mangyayari ito kung tinulungan ko siya," at mag-aalala pa ang taong ito. Kaya kung may direktang kaugnayan sa kanya ang trabaho, siya ay magiging tapat sa lahat ng bagay, at aakuin niya ang responsibilidad.

Kung minsan, maaaring humarap tayo sa kasiraan o kahirapan kapag sasabihin natin ang totoo o magiging mabuti tayo. Dahil ang Diyos ay Siyang kabutihan at hawak Niya ang buhay, kamatayan, mga sumpa at ang mga biyaya ng sangkatauhan, magtatagumpay ang kabutihan. Kaya umaasa ako na lubos kayong magtitiwala sa Diyos na palaging nasa panig ng mabubuting tao at tatanggapin ninyo ang pag-ibig at masaganang biyaya ng Diyos.

Itutuloy sa susunod na edisyon

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 235-3, Guro-Dong3, Guro-Gu, Seoul, Korea (152-848)
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: www.manmin.org/english
Email: manminministry@gmail.com
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Pandaigdigang Pagsasanay para sa mga Misyonero ng MMTC-Puno ng Makahulugan at Masasayang Sandali

Pormal na sinimulan ng Manmin Central Church ang Pandaigdigang Pagsasanay para sa mga Misyonero ng Manmin Missionary Training Center (MMTC). Idinaos ito noong Pebrero 3-27. Nagmula sa sampung bansa ang mga kalahok, kasama ang Estados Unidos, Israel, Rusya, Espanya, Tsina, Thailand, Vietnam, Kazakhstan, Nepal, at Indonesia. Sinabi nilang kamangha-mangha at kasiya-siya ang mga programa. Naging masigasig sila na pasiglahin ang mga iglesya nila at gabayan ang hindi mabilang na nanghihinang mga kaluluwa sa daan patungo sa kaligtasan sa pamamagitan ng ebanghelyo ng kabanalan at ng makapangyarihang pagkilos na natutuhan nila sa Manmin Central Church. Noong Pebrero 23, binisita nila ang lugar ng Muan Sweet Water sa Muan, Jeonnam kung saan ang tubig-dagat ay napalitan ng tubig na sariwa at puwedeng inumin dahil sa panalangin ni Dr. Jaerock Lee (Exodo 15:25). Niluwalhati at pinasalamatan nila ang Diyos sa pagbisita nila dito.

## "Natuklasan Ko Kung Bakit Naiipakita ng Diyos ang Kapangyarihan Niya sa Pamamagitan ni Dr. Jaerock Lee"

Pastor Alherito Akerina
(Pastor ng GPI,
Palembang Church, Indonesia)



✦ Noong 2008, nakapanood ako ng DVD na naglalaman ng makapangyarihang ministeryo ni Dr. Jaerock Lee. Masyadong nabagbag ang puso ko kaya limang ulit ko itong pinanood habang umiiyak. Ang makapangyarihang pagkilos niya ay ibang-iba sa mga bantog na pastor na kilala ko.

Kaya may pananabik na nakibahagi ako sa programa. Marami akong natutuhan sa pagbisita ko sa Manmin at personal kong nakita ang ministeryo nila. Nalaman ko ang dahilan kung bakit ibinigay ng Diyos ang kapangyarihan Niya kay Dr. Jaerock Lee habang pinapanood ko ang pagtuturo niya sa video na 'Thunder the Original Voice' (Kulog, ang Orihinal na Tinig).

Kinilala ni Dr. Lee ang puso at pag-ibig ng Diyos. Nagnanais ang Diyos na maging tunay na mga anak Niya tayo sa pamamagitan ng pagtulad natin sa Panginoon hanggang sa makarating sa antas ng pananampalataya na nakakalugod sa Kanya. Ito ang dahilan kung bakit nakakapagpamalas si Dr. Lee ng mga makapangyarihang pagkilos. Natutuhan ko rin na ang buhay Cristiano natin ay lalago kung kikilalanin natin ang puso at pag-ibig ng Diyos.

## "Nakarinig ang Dalawang Tainga Ko Pagkatapos Kong Maglublob sa Muan Sweet Water"

Kapatid na Kshetra Bahadur Rai
(Pangulo ng Misyon ng mga Kalalakihan,
Manmin Mission Center, Nepal)



✦ Pinagpala ako nang husto habang binabasa ko ang mga libro ni Dr. Lee na *Ang Mensahe ng Krus* at *Ang Sukatan ng Pananampalataya* sa wikang Nepali. Ang talambuhay niyang *Buhay Ko, Pananalig Ko* ay nakapagpalago ng pananampalataya ko, inudyukan ako para suriin kong mabuti ang buhay Cristiano ko.

Simula noong nakaraang taon, naglilingkod na ako kasama ni Pastora Grace Lee na namamahala sa Manmin Mission Center sa Nepal. Ako ang nangangasiwa sa mga sangay na iglesya at nagsasaayos ng mga seminar. Sumama ako sa programang ito para maging magaling na lingkod. Pinaghandaan ko ito sa pananalangin ng dalawang oras bawat araw sa loob ng dalawang linggo. May puso din ako na naghahangad na matuto.

Lahat ng mga programa ay nangusap sa puso ko at napuno ako ng kagalakan. At nakaranas ako ng makapangyarihang pagkilos sa lugar ng Muan Sweet Water. Maalab kong idinalangin ang pitong kahilingan ng puso ko bago ako maglublob sa tubig. Noong sandaling umabot sa tainga ko ang tubig at naging mainit ang pakiramdam ko, naging malinaw na ang pandinig ko. Hallelujah!

## "Natuto Akong Manalangin ng Taos Puso sa Pulong Panalanging Daniel"

Kapatid na Alex Abankin
(Lider ng isang maliit na grupo,
Melchizedek Church, Estados Unidos)



✦ Noong nakaraang taon, nag-alala ako dahil hindi lumalago ang buhay Cristiano ko. Nagkaroon ako ng pagkakataong basahin ang mga libro ni Dr. Jaerock Lee na *Ang Mensahe ng Krus*, *Ang Sukatan ng Pananampalataya*, *Ang Langit I & II*, at *Buhay Ko, Pananalig Ko*. Detalyadong nakasulat sa mga libro ang mga bagay na gusto kong matutuhan. Pinagpala ako sa pagbabasa ko ng mga libro kaya nagpasya akong dumalo para mas matuto pa tungkol sa ebanghelyo ng kabanalan.

Si Dr. Jaerock Lee ay kilalang makapangyarihang lingkod ng Diyos ng mga Slavic na nakatira sa Estados Unidos. Gayon pa man, naglilingkod siya nang may pagpapakumbaba na humaplos sa damdamin ko. Humanga din ako sa mga miyembro na gumagalang at nagmamahal sa kanya. Namumuhay sila ayon sa Salita ng Diyos at ang mga puso nila ay puno ng pag-asa para sa Langit. At natuto akong manalangin. Gabi-gabi akong nananalangin sa Pulong Panalanging Daniel. Dahil dito, nalugod ang Diyos sa mga panalangin ko.

## "Natutuhan Ko Kung Anong Papuri ang Kinalulugdan ng Diyos"

Kapatid na Lily Bocharnikov
(Lider ng Papuri
ng The Spirit of Life Church, Israel)



✦ Nagdesisyon akong makibahagi dito sa Pandaidigang Programa ng MMTC dahil natitiyak ko na makakatulong ito sa paglago ng pananampalataya ko at para mas makatulong ako sa pagsulong ng iglesya ko. Higit sa lahat, nagpapasalamat ako sa Manmin Central Church at kay Dr. Jaerock Lee na nakatulong ng malaki sa pagpapasigla ng Cristianismo sa Israel sa pagsasagawa ng Krusada ng Pagkakaisa sa Jerusalem noong 2009. Isang malaking karangalan para sa akin ang dumalo sa ganitong iglesya, palakasin ang sarili sa espirituwal na mga mensahe, at magsanay sa pananalangin.

Ako ay lider ng papuri sa iglesya namin. Dahil dito pinagpapala ako sa mga pagtuturo ng mga tagapagsalitang mula sa Komite ng Sining tungkol sa papuri, sayaw, at mga kagamitan sa entablado. Kinukunan ko ng video ang mga pagtuturo at mga espesyal na mga pagtatanghal sa mga pagsamba. Sa mga natutuhan ko, nais kong makapagbigay lugod sa Panginoon bilang lider ng papuri at maipangaral ang ebanghelyo ng kabanalan. Malaking biyaya sa akin ang programang ito.











Sabi nila hindi nila malilimutan ang dalawampu't limang araw sa Korea habang-buhay ■ Litrato 1: Mga Pagtuturo ■ Litrato 2: Magdamag na Pagsamba Tuwing Biyernes ■ Litrato 3: Pulong Panalanging Daniel ■ Litrato 4: Pulong na may Banal na Pagpapagaling sa Manmin Prayer Center ■ Litrato 5: Oras ng Papuri at Pananalangin sa Lugar ng Muan Sweet Water ■ Litrato 6: Karanasang Espirituwal sa Burol ng Muan Sweet Water ■ Litrato 7: Papuri at Oras ng Pagpapasya sa Lugar ng Muan Sweet Water ■ Litrato 8: Pagdalaw sa GCN TV ■ Litrato 9: Pagkilala sa mga Nakapagtapos ng Kurso, Pebrero 26

# "Dahil sa Pag-ibig ng Panginoon, Napagtagumpayan Ko ang Nakakapagod Kong Buhay!"

**Diakonesa Kyungsook Kim** (Miyembro, Eastern Gwangju Manmin Church)



Noong Oktubre 2003, nagpakasal kami ni Diakono Youngdeuk Seo. Pareho kaming may edad na. Pinangarap kong magkaroon ng masayang buhay may asawa subalit iba ang nangyari sa tunay na buhay. Sinikap kong paglingkuran nang mabuti ang mga biyenan ko pero madalas kaming magkaroon ng hindi pagkakaunawaan ng biyenan kong babae dahil sa pagkakaiba ng mga personalidad namin at malayong agwat ng edad. Napupuno na ako ng pag-aalala at napapagod na ang emosyon at pag-iisip ko. Alam ito ng asawa ko pero hindi niya ako natulungan.

### Nagkaroon Ako ng Matinding Kalungkutan Dahil sa Relasyon Ko sa Biyenan Kong Babae

Noong Marso, 2005, bilang pinakaunang manugang, nanganak ako ng kambal na lalaki, pero hindi pa rin nasiyahan ang biyenan kong babae. Masakit ito para sa akin. Nalulungkot ako dahil napakahirap mamuhay ayon sa kagustuhan niya.

'Bakit kailangan kong mamuhay ng ganito? Bakit kailangan kong magustuhan ang buhay na ito? Napakalungkot ko na. Mas mabuti pang makipaghiwalay na lang.' Madalas kong isipin ang mga bagay na ito.

Masyado akong nalungkot kaya hindi na ako makatulog. Binabangungot pa ako. Sa mga bangungot ko, naging paralisado daw ako. Kung minsan, nakakakita ako ng demonyo. Sa pagbabalik-tanaw ko ngayon sa panahong iyon, iniisip kong nagdusa ako dahil hindi ako naging mabuti. May impluwensya din ang pagsamba sa diyus-diyosan ng mga magulang ko.

At mas malala pa, sumakit ang likod at kaliwang binti ko. Ang pananakit ay sanhi ng panganganak ko. Noong simula ng 2009, nagpa-MRI scan ako. Nasuri na mayroon akong spinal stenosis (kumikitid ang mga ugat sa gulugod) at herniated lumbar disc (impeksyon sa gulugod). Pero hindi ako makapagpa-opera dahil kailangan kong alagaan ang kambal kong mga anak. Masyado akong naging malulungkutin, gusto kong mamatay na lang.

### Tinanggap Ko ang Apoy ng Banal na Espiritu sa Pagtitipon na may Panyong Nakakapagpagaling

Isang araw, noong Oktubre 2009, dumating sa akin ang Panginoon ng pag-ibig. Bigla kong naalala si Diakonesa Jinkyung Cheong na nagsikap sa pagbabahagi ng ebanghelyo sa akin. Madalas niyang ipakita sa akin ang website ng Manmin Central Church at ang mga litrato ng mga napagaling mula sa atopic dermatitis (sakit sa balat) sa pamamagitan ng pananalangin ni Dr. Jaerock Lee.

Dinala niya ako sa Eastern Gwangju Manmin Church. Napaiyak ako noong sandaling maupo ako sa santuwaryo. Kumalat ang make-up ko dahil sa luha ko. Pagkatapos nito, bumisita sa bahay ko si Pastor Yeonok Cheong at nagkaroon ng pagsamba ang buong pamilya ko. Ipinanalangin niya ako gamit ang panyo (Ang Mga Gawa 19:11-12). Pagkatapos ng panalangin, nawala na ang bangungot at depresyon ko.

Pagkatapos ng dalawang buwang pagdalo ko sa iglesya, nagpunta ako sa Pagtitipon na may Panyong Nakakapagpagaling na pinamunuan ni Pastora Heesun Lee, ang Pangkalahatang Pastor na Tagapayo ng Misyon ng Kababaihan at Kalalakihan sa Korea. Nabatid niya ang laman ng puso ko sa tulong ng Banal na Espiritu at ipinanalangin niya ang pangangailangan ko. Nadama ko ang pag-ibig ng Diyos na nakakakilala sa akin at nagpasaya sa akin. Iyak ako nang iyak.

Pinagsisihan ko ang pakikipagkasundo ko sa mundo bago ako nagtiwala sa Diyos. Nadama ko ang apoy ng Espiritu sa ulo ko at nag-init ang katawan ko kaya pinagpawisan ako.

May kamangha-manghang nangyari noong gabi iyon. Nakatulog ako nang mahimbing at paggising ko sa umaga, malakas na ulit ang katawan ko. Nang sumunod na araw, may naramdaman akong parang may lumalabas na isang bagay sa binti ko. Gumaling ang spinal stenosis at herniated lumbar disc ko noong sandaling iyon. Pagkatapos noon, nakapag-ehersisyo na ako hangga't gusto ko at nawala na ang paghihirap sa buhay ko. Nawala na rin nang tuluyan ang depresyon, insomnia, at mga bangungot ko. Hallelujah!

### Nabahagian ng Ebanghelyo ang Pamilya Ko Kaya Naging Masaya Ako

Ang mas ipinagpapasalamat ko ay nagamot at nagbago ang puso ko. Sa pamamagitan ng mga mensahe sa iglesya, nalaman ko ang kabutihan ni Ruth na tumupad ng tungkulin niya sa biyenan niya. At napagtanto ko ang tunay na kahulugan ng kapayapaang kalugod-lugod sa Diyos, paglilingkod, at pag-ibig. Nakita ko rin na punong-puno ako ng sama ng loob, galit, at pagkainis. Tinanggap ko na rin na lahat ng hindi pagkakaunawaan namin ng biyenan kong babae ay nagsisimula sa akin. Pinagsisihan ko ito ng lubos. Habang nananalangin, pinagsisihan ko rin ang kayabangan ko at pagbalewala sa asawa ko.

Nagbago ako sa pamamagitan ng pag-aayuno at pananalangin. Nagkaroon din ng kapayapaan ang biyenan kong babae at ang asawa ko noong paglingkuran ko sila ng may panibagong puso. Pagkatapos marinig ang patotoo ko, nagsimba na ang nanay ko sa iglesya namin, dati ay sa templo ng Buddhist siya nagsisimba. Masayang-masaya ako sa mga biyayang natatanggap ko dahil naipahayag ang ebanghelyo sa pamilya ko.

Napapaiyak ako palagi habang nagpapasalamat ako sa mga pagpapala ng Diyos. Pinagaling Niya ang espiritu at pisikal na katawan ko at binigyan Niya ng kapayapaan ang pamilya ko. Binigyan pa Niya ako ng pag-asa sa Bagong Jerusalem. Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang ating Ama na nagbigay sa akin ng kahanga-hangang mga biyaya.

## Nagkaroon Ako ng Totoong Kataka-taka at Kamangha-manghang Karanasan!

**Kapatid na Uyonchimek**
(Miyembro, Mongolia Manmin Church)

Mayroon akong altapresyon, dalawampung taon nang masakit ang ulo, may allergic eczema sa mga binti ko, at may hepatitis C ako. Dapat akong palaging uminom ng gamot. Hindi na rin gumagana nang maayos ang mga bato ko. Madalas akong pumupunta sa banyo. At napakasakit din ng likod ko.

Noong Disyembre 31, 2009, naranasan ko ang pag-ibig ng Diyos sa Mongolia Manmin Church. Magmula noon, nagkaroon na ako ng masayang buhay Cristiano. Noong Mayo 2010, nabalitaan kong mangangaral sa pagsamba si Pastor Hyungwon Ju sa ika-7 anibersaryo ng iglesya at mangunguna sa Pagtitipon na may Panyong Nakakapagpagaling.

Habang nakikinig ako sa mensahe niya, pinagsisihan ko ang mga maling ginawa ko noon at ang pagsamba ko sa mga diyus-diyosan. Tinanggap ko rin ang panalanging may panyo (Ang Mga Gawa 19:11-12). Noong sandaling iyon, nag-init ang katawan ko at nagkaroon ng kapayapaan ang puso ko. Pagkatapos, nagpatuloy na ang paggaling ko. Ipinagpatuloy ko ang regular na pagdalo sa mga Pagtitipon na may Panyong Nakakapagpagaling ng Misyonerong Botzorig. Bumalik ang kalusugan ko dahil sa mga pagtitipong iyon.

Isang araw noong Hulyo 2010, nakaranas ako ng kamangha-manghang pangyayari. Mga ika-3 ng umaga nang managinip ako. Sa panaginip ko, nagbendisyon ang Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ng Manmin Central Church noong Pagsamba sa Araw ng Linggo ng Umaga. Pagkatapos, nakarinig ako ng malakas na tunog, "Bang! Bang!" Nagulat ako kaya lumabas ako para tingnan kung ano ang nangyari. Nakita kong nagkakasunog sa paradahan ng mga mamahaling kotseng binabantayan ko bilang dyanitor.

Nagmadali ako para buhusan ng tubig ang apoy. Kung nahuli ako nang kaunti, baka nasunog na ang lahat ng sasakyan. Tiyak na napakalaking pangyayari nito kapag nasunog lahat ng sasakyan doon. Subalit iningatan ng Diyos ang mga ito dahil ipinarinig Niya sa akin ang ingay kahit napakatahimik ng lugar. Lubos akong nagpapasalamat ngayon kung iisipin ko ang pagpapalang iyon ng Diyos.

Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang ating mabuting Diyos Ama.



## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras
Sampaloc, Manila, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, philippines
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Philippines
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City Cebu, Philippines
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Philippines
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714